# AS-SALAAH

# (Ang Pagdarasal sa Islam)

## Tinipon at Sinulat

## كتاب الصلاة

< Tagalog-التاجلوج >

pangalan Translator:

Khalid Evaristo

pangalan rebisaher

Greg Abdul Aziz

# كتاب الصلاة

ترجمة:

خالد إبارستو

مراجعة:

جريج عبد العزيز اثنين

## mga Nilalaman

Panimula

Ibadah

Tahara

Al-Wudhu

Al-Ghusl

At-Tayammum

Mahahalagang Kondisyon ng As-Salaah

Adhan

Iqama

Mga Bahagi ng Salaah

Fardh at Sunnah

Salatul Witr

Du'a Al Qunut

Salaah sa Natatanging Kalagayan

Salaah sa mga Natatanging Okasyon

Du'a

Sajdah Sahw

Mga Karagdagang Paalaala

Maiikling Kabanata sa Banal na *Qur'an*

*Sa Ngalan ng Allah, Ang Mapagpala, Ang Mahabagin*

## Panimula

Ang lahat ng papuri ay sa Allah lamang, ang Panginoon ng mga daigdig. Nawa'y ang kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasa-lahat ng Propeta, kay Propeta Muhammadﷺ, sa kanyang pamilya, sa kanyang mga *Sahaba*, at sa lahat ng taong nasa tamang landas hanggang sa Huling Araw.

Matapos maipahayag ng isang tao ang kanyang paniniwala sa nag-iisang Allah, at matapos niyang maipahayag ang kanyang taos-pusong pagtanggap sa ganap na pagsuko sa mga kautusan ng Allah ayon sa pagkapahayag sa Kanyang huling Sugo na si Muhammadﷺ, ang susunod na dapat isagawa ay ang *Salaah* (Pagdarasal sa Islam). Ang limang beses na pagdarasal ay nagiging tungkulin sa sandaling ang tao ay pumasok sa Islam.

Sa dahilang ang *Salaah* ay isang mahalagang tungkulin na itinakda sa bawa't Muslim, ang pagdarasal sa tamang pagsa-gawa nito ay isa ring mahalagang tungkulin upang malaman ang dapat sabihin at upang matamo ang ibayong biyaya at kapakinabangan ng *Salaah*.

Ang *Salaah* ay isinasagawa sa wikang Arabic.  Kaya naman, sadyang mahalaga sa isang bagong Muslim (na kayayakap lamang sa Islam) na magsimulang mag-aral sa pagdarasal *(Salaah)* sa wikang Arabik.

Ang aklat na ito ay inihanda upang ang isang bagong Muslim ay matutuhan at maisakatuparan sa lalong madaling panahon ang kanyang tungkuling mag-alay ng *Salaah* maging sa kawalan ng

mga gurong Muslim sa kanyang pook. Ang mga talata sa Banal na *Qur'an* na binabanggit sa bawa't *Salaah* ay dapat banggitin ayon sa pagkapahayag nito sa wikang Arabic. Lubos na ipinapayo na iparinig ang inyong pagbigkas kung kayo'y makatagpo ng Muslim na guro upang makuha ang tamang pagbigkas.

Nawa'y tanggapin ng Allah ang pagsisikap na ito na sadyang isinagawa upang makapaglingkod lamang sa Kanya. Dalangin namin ang tulong at biyaya ng Allah sa lahat ng tumulong sa paghahanda ng aklat na ito, lalo na kay Abdulhamid Sapanton sa kanyang mga payo sa pagsasaayos ng mga nilalaman nito.

ISCAG - PHILIPPINES

Islamic Studies, Call & Guidance - Philippines)

Khalid Evaristo

# *IBADAH*

(Pagsamba sa Islam)

Ang katagang *Ibadah* (pagsamba) ay hango sa salitang Arabik na "*Abd*" na nangangahulugan ng alipin. Ang tao ay isinilang na napapailalim sa kapangyarihan ng Allah. Siya ay isinilang bilang isang alipin ng Allah. Kapag siya ay lumapit sa Allah nang may pagpapakumbaba at pagkamataimtim, siya ay gumaganap ng isang gawaing *Ibadah* (pagsamba). Ang *Ibadah* ay isang paraan upang padalisayin ang buhay pisikal at ispirituwal. Sa Islam, ang bawa't pag-aalay ng mabuting gawa na naghahangad magbigay kasiyahan sa Allah ay isang *Ibadah* (pagsamba).

Ang mga tungkuling rituwal ng *Ibadah* ay *Salaah* (pagdarasal), *Sawm* (pag-aayuno), *Zakat* (kawanggawa), at *Hajj* (paglalakbay sa Makkah). Ang mga naturang tungkulin kaalinsabay ng *Eeman* (pananalig) ay karaniwan nang tinatawag na mga haligi ng *Islam*. Ang *Islam* ay isang buo at ganap na patnubay. Nasasakop nito ang lahat ng bahagi ng buhay ng tao. Ang haligi ng *Islam* ay pinag-iisa ang lahat ng gawain ng tao maging ispirituwal, materyal, pansarili o pangkalahatan.

Ang pagsagawa ng mga itinakdang tungkulin ng *Ibadah* (pagsamba) ay nagbibigay lakas sa *Eeman* (pananalig) upang ito ay maging kapaki-pakinabang at mabisa sa buhay ng tao. Kaya naman, ang *Ibadah* ay isang bagay na nagbibigay ng

tiyak na bunga. Ito ay isang paraan upang ang mga mananampalataya ay makapaglingkod sa Allah at maging mabuti sa kanyang kapwa.

Ang *Salaah* (pagdarasal),na isang mahalagang bahagi ng *Ibadah* ay siyang paksa ng aklat na ito. Ating matutunghayan sa Banal na *Qur'an*:

"Tunay na magtatagumpay ang mga mananampalataya. Silang nag-aalay ng Salaah nang buong katapa-tan at may ganap na pagsuko." [Surah Al Mu'minun 23:1-2]

**TAHARA**

(Kadalisayan)

Bago isagawa ang *Salaah,* nararapat lamang na maging malinis at dalisay. Ang Banal na *Qur'an* ay nagsasabi:

"O kayong nananampalataya, kapag kayo'y nagnanais magsagawa ng pagdarasal, hugasan ang inyong mukha at inyong mga kamay hanggang siko, haplusin (ng basang palad) ang inyong ulo, at hugasan ang inyong paa hanggang sa bukung-bukong." [Al-Maidah -5:6]

Ang kalinisan ng puso, katawan at pananamit ay tinatawag na *Taharah* o kadalisayan. Sa ganitong kalagayan lamang maaaring isakatuparan ng isang Muslim ang *Salaah.*.

Ang pagpapakadalisay ay maaaring makamtan sa pamamagitan ng *Al-Wudhu* (paghuhugas ng ilang bahagi ng katawan) o ng *Al-Ghusl* (pagpapaligo ng buong katawan).

## *AL-WUDHU*

(Paghuhugas sa ilang bahagi ng katawan)

Ang pamamaraan ng *Al-Wudhu* ay ang mga sumu-sunod:

1. Unang-una, nararapat na magkaroon ng maliwanag na *Niyaat* (intensiyon o hangarin) sa sarili na magsagawa ng *Al-Wudhu*.

2. Banggitin ang *Bismillah* (Sa Ngalan ng Allah).

3. Hugasan ang dalawang kamay hanggang sa pulso ng tatlong ulit. Tiyaking ang lahat ng bahagi, pati na ang pagitan ng mga daliri, ay mabasa ng tubig.

4. Magsahod ng tubig sa kanang kamay at magmumog ng tatlong ulit.

5. Hugasan ang ilong sa pamamagitan ng mahinang pagsinghot ng tubig mula sa kanang kamay at ito ay isinga sa tulong ng kaliwang kamay. Gawin ito ng tatlong ulit.

6. Hugasan ang buong mukha hanggang sa mga tainga, nuo at baba (kasama ang balbas) ng tatlong ulit.

7. Hugasan ang mga braso, kanan muna bago ang kaliwa, mula

sa pulso hanggang sa siko ng tatlong ulit.

8. Minsang haplusin ng basang kamay ang ulo mula sa nuo hanggang batok at pabalik.

9. Linisin ng minsan ang loob ng magkabilang tainga ng basang hintuturo samantalang ang hinlalaki ay hinahagod ang likuran ng tainga.

10. Hugasan ang magkabilang paa hanggang bukung-bukong, kanan muna bago kaliwa, at tiyaking mabasa ang lahat ng bahagi pati na ang pagitan ng mga daliri.

11. Ang mga hakbang ng *Wudhu* ay winawakasan sa pagbigkas ng *Kalimatu Ash-Shahada*:

**Ash-hadu an la ilaha illallaah**

**wa ash-hadu anna Muhammadan abduhu wa rasuluh.**

(Ako ay sumasaksi na walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Kanyang Alipin at Sugo.

Si Propeta Muhammadﷺ ay nagsabi: "Sinumang magsagawa ng *Wudhu* nang ganap at magsabi ng **Ash-hadu an la ilaha illallah wa ash-hadu anna Muhammadan abduhu wa rasuluh'**, ang walong tarangkahan ng *Jannah* (Paraiso) ay magbubukas at siya'y makakapasok sa alinmang (tarangkahang) kanyang nais." (Muslim)

**Paalaala:**

Kapag ang *Wudhu* ay nasimulan na, walang ibang bagay na dapat pagkaabalahan maliban dito. Ang pagsagawa nito ay nararapat na tuluy-tuloy hanggang sa matapos.

Kung naisagawa na ang *Wudhu* bago isinuot ang mga medyas, hindi na kailangan pang hubarin ang mga ito sa pagsapit ng susunod na *Wudhu*. Sapat na ang haplusin ang itaas ng mga ito ng basang palad. Ito ay maaaring gawin sa loob ng isang araw at gabi (24 oras) sa mga nananatili sa kanikanilang pook o tahanan (tatlong araw at gabi naman sa mga naglalakbay). Kung sakaling hinubad ang mga ito at isinuot na muli bago sumapit ang susunod na *Wudhu*, kailangang hubarin ang medyas at hugasan ang paa sa muling pagsapit ng oras ng *Wudhu*.

Kailangang ulitin ang *Wudhu* kapag umihi, umutot, tumae, o hinawakan ng tuwiran ang maselang (pribadong) bahagi ng katawan o nawalan ng malay, o nakatulog ng mahimbing sa pagkakahiga.

## AL-GHUSL

(Pagpapaligo ng buong katawan)

Ang *Al-Ghusl* ay isang pagpapakadalisay na dapat gawin kapag ang sinuman ay narumihan ng semilya (sexual discharge) dahil sa panaginip o pakiki-pagtalik sa asawa o sa anumang

dahilan. Ito rin ay isinasagawa matapos huminto ang pagdurugo ng kababaihan dahil sa panganganak o regla. Dapat ding isagawa ito ng isang taong yumakap sa Islam. Ang mga paraan ng *Al-Ghusl* ay ang mga sumu-sunod:

1. Unang-una, nararapat na magkaroon ng maliwanag na *Niyat* (intensiyon o hangarin) sa sarili na magsagawa ng *Al-Ghusl*.

2. Hugasan ang maselang (pribadong) bahagi ng katawan. Gamitin ang kaliwang kamay sa paghugas.

3. Hugasan ang mga kamay ng tatlong ulit.

4. Isagawa ang mga paraan ng *Al-Wudhu* kagaya ng nasabi sa itaas maliban sa paghuhugas ng paa.

5. Buhusan ng tubig ang ulo ng tatlong ulit habang hinahagod ang buhok upang umabot ang tubig sa anit.

6. Buhusan ang buong katawan, kanang bahagi muna bago ang kaliwa, at tiyaking mahugasan ang lahat ng bahagi ng katawan pati na ang kilikili, tainga, pusod at pagitan ng mga daliri ng kamay, atbp.

7. At ang panghuli ay ang paglayo ng kaunti mula sa iyong kinatatayuan (upang maiwasang matalamsikan ng pinaghugasang tubig) at hugasan ang paa, kanan muna bago kaliwa.

8. Wakasan ang rituwal na ito sa pagbanggit ng *Kalimatu Ash-Shahada* kagaya sa *Al Wudhu*.

**Ash-hadu an la ilaha illallah wa ash-hadu anna Muhammadan**

**abduhu wa rasuluh.**

(Ako ay sumasaksi na walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Kanyang Alipin at Sugo).

Bukod pa sa mga naunang nabanggit, may mga okasyon o kalagayan na kanais-nais magsagawa ng *Ghusl:*

1. Bago pumunta sa *Salaah* tuwing araw ng Biyernes *(Juma'a).*
2. Bago pumunta sa *Salaah* tuwing araw ng *Eidul-Fitr at Eidul-Adha.*
3. Sinumang naghugas ng patay.
4. Bago magsuot ng *Ihram* (para sa *Hajj* o *Umrah*).

**AT-TAYAMMUM**

(Pagpapakadalisay sa pamamagitan ng buhangin o alikabok)

May mga pagkakataong ang paggamit ng tubig ay imposible o

mapanganib kagaya ng kawalan ng tubig o ito ay sapat lamang na inumin, o kaya'y ang paggamit nito ay maaaring magpalala ng karamdaman. Ang *At-Tayammum* ay isinasagawa bilang kapalit ng *Al-Wudhu* o *Al-Ghusl* sa pamamagitan ng paggamit ng malinis na buhangin o lupa.

Ang Banal na *Qur'an* ay nagsasaad:

"........at kung hindi makatagpo ng tubig, gumamit ng malinis na lupa at ihaplos sa mukha at kamay. Hindi nais ng Allah na ilagay kayo sa kahirapan, bagkus nais Niyang padalisayin kayo at gawing lubos ang tulong Niya sa inyo upang kayo'y maging mapagpasalamat". [Al-Maidah, 5:6].

**Ang paraan ng *At-Tayammum* ay ang mga sumusunod:**

Katulad ng pagsisimula ng *Al-Wudhu* at *Al-Ghusl*, nararapat lamang na magkaroon ng maliwanag na *Niyat* (intensiyon o hangarin) sa sarili na magsagawa ng *At-Tayammum* at magsabi ng *Bismillah* (Sa Ngalan ng Allah).

1. Idampi ang dalawang palad sa buhangin o sa anumang bagay na may buhangin o alikabok katulad ng dingding o bato at iba pa, at hipan ang mga ito.

2. Ihaplos nang minsan ang mga palad sa mukha.

3. Ihaplos nang minsan ang kaliwang palad sa itaas ng kanang kamay hanggang sa pulso at pagkatapos ay ihaplos nang

minsan ang kanang palad sa itaas ng kaliwang kamay hanggang sa may pulso.

Si Propeta Muhammadﷺ ay nagsabi: "Sapat na sa inyong gawin ang katulad nito: at kanyang idinampi ang dalawang palad sa lupa, hinipan ang mga ito at inihaplos sa kanyang mukha at sa itaas ng bawa't kamay". (Pinagsang-ayunan)

4. Wakasan ang rituwal sa pagbanggit ng *(Kali-matu Ash-Shahada)*.

**Ash-hadu an la ilaha illallaah**

**wa ash-hadu anna Muhammadan abduhu wa rasuluh.**

(Ako ay sumasaksi na walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Kanyang Alipin at Sugo).

## Mahahalagang Kondisyon ng *As-Salaah*

Ang *Tahara*, na siyang pinakamahalagang pangunahing kailangan bago magsagawa ng *Salaah* ay nailahad na sa mga naunang pahina. Ang ibang mahahalagang kondisyon ay ang mga sumusunod:

**1. ORAS**

Bawa't *Salaah* ay dapat ialay sa kani-kaniyang oras. Ang *Salaah* ay hindi maaaring isagawa bago sumapit ang takdang oras nito. May limang itinakdang *Salaah* na dapat isagawa ng bawa't Muslim sa loob ng isang araw. Ito ay ang mga sumusunod:

***Fajr* -** Sa pagbubukang-liwayway at bago sumikat ang araw.

***Dhuhr*** - Sa pagitan ng ilang sandali matapos ang tanghaling tapat at bago sumapit ang *Salatul Asr.*

***Asr*** - Mula sa kalagitnaan ng hapon at bago lumubog ang araw.

***Maghrib* -**Ilang sandali matapos lumubog ang araw hanggang sa mapawi ang takip-silim (dumilim).

***Isha* -** Sa pagdating ng dilim at bago sumapit ang *Salatul Fajr*.

## 2. PANANAMIT

Bago ialay ang *Salaah*, kailangang tiyakin muna na may tamang pananamit. Sa kalalakihan, nararapat na takpan kahit man lamang ang kanilang katawan mula pusod hanggang tuhod (kung sakali mang walang ibang damit na maisuot). Ang mga kababaihan ay nararapat na takpan ang sarili mula ulo hanggang paa maliban sa mukha at kamay. Ang pananamit ay dapat na malinis, payak, hindi naaaninag, at hindi hapit sa

katawan. Sa mga araw ng kanilang pamamanahon o regla (menstruation period), ang kababaihan ay malaya sa tungkuling mag-alay ng *Salaah.*

### 3. POOK O LUGAR

Saan man naroroon ang tao, siya ay maaaring humarap sa Allah sa kanyang mataimtim na pagdarasal. Si Propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi: "Ang lahat ng dako ng daigdig ay ibinigay sa akin na maging *Masjid*: malinis at dalisay." Higit na kanais-nais na ang *Salaah* ay ialay ng sama-sama o kongregasyon. Humarap sa *Qibla* (*Ka'aba* sa Makkah) kapag nag-aalay ng *Salaah*.

## ADHAN

(Ang Pagtawag ng Pag-anyaya sa *Salaah*)

Upang ipunin ang mga Muslim sa pagdarasal ng sama-sama o kongregasyon, ang *Adhan* ay isinasagawa. Ang *Mu'adhin* (nagsasagawa ng *Adhan*) ay titindig na nakaharap sa *Qibla* (*Ka'aba* sa Makkah) at itataas ang mga kamay na ang hintuturo ay nakalagay sa magkabilang tainga at bibigkasin ang *Adhan* sa malakas na tinig nang ganito:

**"Allahu Akbar"** **4 na ulit**

(Ang Allah ay Dakila)

**"Ash-hadu Anla Ilaha Illallaah"** **2 ulit**

(Ako ay sumasaksi na walang tunay na
diyos na dapat sambahin maliban sa Allah)

**"Ash-hadu Anna Muhammadar Rasullullaah"** **2 ulit**

(Ako ay sumasaksi na si Muhammad
ay Sugo ng Allah )

**"Hayya 'Alas Salaah"** **2 ulit**

(Halina sa Salaah (Pagdarasal)

**"Hayya 'Alal Falaah"** **2 ulit**

(Halina sa Tagumpay)

**"Allahu Akbar"** **2 ulit**

(Ang Allah ay Dakila)

**"La Ilaha Illallaah"** **1 ulit**

(Walang tunay na diyos na dapat
sambahin maliban sa Allah)

Sa *Adhan* ng *Salatul Fajr*, ang mga sumusunod ay idinadagdag sa pagitan ng *"Hayya 'Alal Falaah"* (Halina sa Tagumpay) at *"Allahu Akbar"* (Ang Allah ay Dakila):

***"Assalatu Khairum Minan Naum"*** **2 ulit**

(Ang pagdarasal ay higit na mabuti kaysa pagtulog)

**Mga Dapat Sabihin Habang Itinatawag ang *Adhan***

Sinuman ang makaririnig ng *Adhan*, kanais-nais na banggitin ang bawa't sabihin ng *Mu'adhin* maliban sa "*Hayya 'Alas Salaah*" at *"Hayya 'Alal Falaah".* Sa halip, sabihin ang:

**"La Hawla Wa La Quwwata Illa Billah"**

(Walang kapangyarihan at lakas malibang magmula sa Allah).

***DU'A* (Panalangin) Pagkatapos ng *Adhan***

Pagkatapos ng *Adhan*, ang mga Muslim ay pinapayuhang manalangin ng ganito:

**"Allahumma rabba hadhi-hid da'awatit-tam-ma"**

(O Allah, Panginoon nitong ganap na pagtawag at ang mga itinakdang pagdarasal)

**"Was-salatil qa'imati ati Muhammadan al waseelata wal fadeela"**

(Ibigay Mo kay Muhammad ang Wasilah, mataas na katayuan sa Paraiso)

**"Wab 'ath-hu maqaman mahmudal ladhi wa'ad-tah"**

(at itaas Mo siya sa kapuri-puring katayuan na Inyong ipinangako sa kanya)

Ang Propetaﷺ ay nagsabi: "Sinumang magsabi nitong *Du'a* pagkatapos marinig ang *Adhan* ay may karapatan sa aking pamamagitan sa Araw ng Paghuhukom." (Bukhari)

**IQAMA**

(Ang Pagtawag sa Pagsisimula ng *Salaah*)

Pagkatapos ng *Adhan* at ang mga Muslim ay nagtipon na sa pook ng dasalan, ang pangalawang tawag (*Iqamah*) ay bibigkasin. Ito ay palatandaan na ang *Salaah* ay sisimulan na. Ang mga sumusunod ay ang pagtawag ng *Iqamah:*

***"Allahu Akbar"*** **2 ulit**

(Ang Allah ay Dakila)

***"Ash-hadu Anla ilaha Illallaah"*** **1 ulit**

(Ako ay sumasaksi na walang tunay na

diyos na dapat sambahin maliban sa Allah)

***"Ash-hadu Anna Muhammadar Rasulullah"*** **1 ulit**

(Ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allah)

***"Hayya 'Alas Salaah"*** **1 ulit**

(Halina sa *Salaah* (Pagdarasal)

***"Hayya 'Alal Falaah"*** **1 ulit**

(Halina sa Tagumpay)

***"Qad qamatis-Salaah"*** **2 ulit**

(Ang *Salaah* ay mag-uumpisa na)

***"Allahu Akbar"*** **2 ulit**

(Ang Allah ay Dakila)

***"La Ilaha Illallaah"*** **1 ulit**

(Walang tunay na diyos na dapat sambahin maliban sa Allah)

## Mga Bahagi ng *Salaah*

Ang *Salaah* sa Islam ay isang di-karaniwang tungkulin. Nilalapit nito ang tao sa Allah sa pamamagitan ng pagtugma ng kanyang kaisipan at katawan. Sa *Salaah*, ang Muslim ay ganap na isinusuko ang sarili sa kanyang lumikha.

Bago mag-alay ng *Salaah*, tiyakin muna sa sarili na ang lahat ng kinakailangang kondisyon na nauukol sa *Salaah* ay naisagawa na. Ang mga detalye sa pagganap ng *Salaah* ay ang mga sumusunod:

1. Magkaroon ng layuning mag-alay ng *Salaah*, kung ito ba ay *Fardh* na *Salaah* (mga itinakdang tungkuling dasal) tulad ng *Fajr, Dhuhr*, Asr, *Maghrib* o *Isha*. O kung ito ba ay *Sunnah* (kusang-loob na karagdagang dasal).

2. Pagkatapos ay itaas ang mga kamay kapantay ng tainga habang nagsasabi ng *Takbiratul Ihram:*

***"Allahu Akbar"***

(Ang Allah ay Dakila)

3. Ngayon ay ilagay ang mga kamay sa dibdib, ang kanang kamay ay nakapatong sa kaliwang kamay at sabihin nang pabulong ang mga sumusunod na pagsamo o pagluhog:

**"Subhanaka Allahumma wa Bihamdika"**

(O Allah, Maluwalhati at Kapuri-puri)

**"Watabaraka Ismuka wa Ta'ala Jadduka"**

(at purihin ang Ngalan Mo at dakilain ang Iyong Kataasan)

"**Wa La ilaha Ghairuka"**

(at walang karapat-dapat sambahin maliban sa Iyo)

**"A'udhu Billahi Minash-Shaitan-nir Rajeem"**

(Ako ay nagpapakupkop sa Allah laban sa isinumpang Satanas)

4. Pagkatapos nito, bigkasin ang pambungad na kabanata ng Banal na Qur'an, ang Al-Fatiha:

**"Bismillah-hir Rahman-nir Raheem"**

(Sa Ngalan ng Allah, Ang Mapagpala, Ang Mahabagin)

**"AL-HAM-DU LIL-LAHI RAB-BIL 'ALA-MEEN"**

(Ang lahat ng pagpupuri ay sa Allah lamang, ang Panginoon ng mga daigdig)

**"AR-RAH-MANIR-RAHEEM"**

(Ang Mapagpala, Ang Mahabagin)

**"MA-LI-KI YAU-MID-DEEN"**

(Ang Tanging Hukom at Hari ng Araw ng Paghuhukom)

**"IYYA-KA NA-BU-DU WA IYYA-KA NAS-TA-EEN"**

(Ikaw lamang ang sinasamba namin at Ikaw lamang ang hinihingan namin ng tulong).

**"IH-DI-NAS-SIRA-TAL-MUS-TA-QEEM"**

(Ipatnubay Mo sa amin ang tuwid na landas)

**"SIRATAL LADHINA-AN-AMTA ALAI-HIM"**

(Ang landas ng Iyong pinagpala)

**"GHAIRIL MAGH-DU-BI ALAI-HIM"**

(Hindi ng mga isinumpa)

**"WA-LADH-DHAAL-LEEN (AMEEN)"**

(At nangaligaw ng landas) (Amen)

5. Ngayon bigkasin ang sumusunod (*Suratul Ikhlas*) o alin mang talata sa Banal na *Qur'an*:

**"BISMILLAH-IR RAHMAN-IR RAHEEM"**

(Sa Ngalan ng Allah, Ang Mapagpala, Ang Mahabagin)

**"QUL HU-WAL-LA-HU A-HAD"**

(Ipahayag, Siya ang Allah, Ang Nag-iisa)

**"ALLA-HUS-SAMAD"**

(Allah, Ang Walang Hanggan, Ang Ganap, Sandigan ng lahat)

**"LAM-YALID WA LAM-YOLAD"**

(Hindi siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak)

**"WA LAM YAKUN-LAHU KU-FU-WAN AHAD"**

(At Siya ay walang katulad)

6. Ngayon ay sabihin ang *ALLAHU AKBAR* at ilagay ang mga kamay sa inyong tuhod sa pagyuko (ang katayuang ito ay tinatawag na ***Ruku***) at sabihin ng tatlong ulit ang mga sumusunod:

**"SUBHANA RABBIYAL 'ADEEM"**

(Kaluwalhatian sa aking Dakilang Panginoon)

7. Pagkatapos ay bumalik sa pagkakatayo at sabihin ang mga sumusunod:

**"SAMI' ALLAHU LIMAN HAMIDAH"**

(Dinidinig ng Allah ang sinumang nagbibigay ng Pagpupuri sa Kanya)

**"RABBANA WA LAKAL HAMD"**

(Panginoon namin, ang Pagpupuri ay sa Iyo lamang)

8. Ngayon ay sabihin ang *ALLAHU AKBAR* at magpatirapa na nakadampi ang iyong nuo, ilong, palad, tuhod at paa sa lupa (sahig) (ang katayuang ito ay tinatawag na *Sujud*). Habang nasa ganitong kalagayan, sabihin nang tatlong (3) ulit ang mga sumusunod:

**"SUBHANA RABBIYAL 'ALA"**

(Kaluwalhatian sa aking Panginoon, Ang Kataas-taasan)

9. Umupo nang matuwid mula sa pagkaka-patirapa at sabihin ang mga sumusunod:

**"RABBIG FIRLEE, WARHAMNEE, WAHDINEE, WAJBURNEE WARZUQNEE WA'AFINEE"**

(O Panginoon, nawa'y patawarin Mo ako, at kahabagan Mo ako, at tulungan Mo ako,

at patnubayan Mo ako, at biyayaan Mo ako, at pagalingin Mo ako)

10. Pagkatapos nito, sabihin ang *ALLAHU AKBAR* at isagawa ang pangalawang *Sujud* (pagpapatirapa) at banggitin ng tatlong ulit ang mga sumusunod:

**"SUBHANA RABBIYAL 'ALA "**

(Kaluwalhatian sa aking Panginoon, Ang Kataas-taasan)

Dito natatapos ang isang *Rak'a* (yunit) ng *Salaah*. Sa *Salaah* na may dalawang *Rak'a* kagaya ng *Fajr* (bukang liwayway), tumayo mula sa *Sujud* (pagka-patirapa) ng unang *Rak'a* habang sinasabi ang *ALLAHU AKBAR*. Ang pangalawang *Rak'a* ay isinasagawa katulad ng unang *Rak'a*. (mula bahagi blg. 4 hanggang 10).

11. Pagkatapos ng huling *Sujud* sa pangalawang *Rak'ah,* umupo sa iyong kaliwang paa samantalang ang iyong kanang paa ay nakatayo na ang mga daliri ay nakasayad sa lupa (sahig). Ang bawa't palad ng kamay ay nakapatong sa magkabilang tuhod. Habang nasa ganitong katayuan, sabihin nang mahina (pabulong) ang *Tashahud:*

**"AT-TAHIYYATU LILAHI WASALAWATU WATAYYIBATO"**

(Ang lahat ng pagdarasal at pagsamba sa pamamagitan ng salita, kilos

at pagsagawa ng banal na tungkulin ay nauukol lamang sa Allah)

**"ASSALAMU ALAIKA AYUHAN-NABIYU"**

(Sumasaiyo nawa ng kapayapaan, O Propeta)

**"WA RAHMATULLAHI WA BARAKATUHU"**

(at ang Habag ng Allah at ang Kanyang Pagpapala)

**"ASSALAMU ALAYNA WA ALA IBADI-LAHIS-SALIHEEN"**

(Nawa'y mapasa-amin ang kapayapaan at sa mga mabubuting lingkod ng Allah)

**"ASH-HADU ANLA ILAHA ILLALLAAH"**

(Ako ay sumasaksi na walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah)

**"WA ASH-HADU ANNA MUHAMMADAN ABDUHU WA RASULUHU"**

(At ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Alipin at Sugo ng Allah)

12. Manatiling nakaupo at bigkasin nang mahina (pabulong) ang Salah Alan Nabi (**Darood**):

**"ALLAHUMMA SALLI 'ALA MUHAMMAD WA 'ALA ALI MUHAMMAD"**

(O Allah, itampok Mo si Muhammad at ang pamilya ni Muhammad)

**"KAMA SALLAYTA 'ALA IBRAHIM WA 'ALA ALI IBRAHIM"**

(Kagaya ng pagtampok Mo kay Ibrahim at ang pamilya ni Ibrahim)

**"INNAKA HAMIDOOM MAJEED"**

(Ikaw ang Kapuri-puri, Ang Maluwalhati)

**"ALLAHUMMA BARIK 'ALA MUHAMMAD WA 'ALA ALI MUHAMMAD"**

(O Allah, pagpalain Mo si Muhammad at ang pamilya ni Muhammad)

**"KAMA BARAKTA 'ALA IBRAHIM WA 'ALA ALI IBRAHIM"**

(Gaya ng pagpapala Mo kay Ibrahim at ang pamilya ni Ibrahim)

**"INNAKA HAMIDOOM MAJEED"**

(Ikaw ay Kapuri-puri, Ang Maluwalhati)

Pagkatapos sabihin nang mahina ang mga sumusunod:

**"ALLAHUMA INNE A'UDHU BIKA MIN ADHABI JAHANNAM, WA MIN ADHABIL QABR, WA MIN FITNATIL MAHYA WAL-MAMAT, WA MIN FITNATIL MASIHID-DAJAAL"**

(O Allah ako ay nagsusumamo sa Iyo na iligtas Mo ako sa dusa ng Impiyerno, at sa dusa ng hukay, at sa pagsubok sa buhay at kamatayan, at sa mapanlinlang na Masihid-Dajal)

Maaaring magsabi ng karagdagang panalangin upang humingi sa Allah ng kasaganaan hindi lamang dito sa lupa pati na rin sa kabilang buhay. Gayundin upang biyayaan ang magulang at ibang Muslim.

13. Ngayon ay ibaling muna ang mukha sa kanan at sabihin ang *Tasleem*.

**"AS-SALAMU ALAIKUM WA RAHMATULLAAH"**

(Sumainyo nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah)

14. At pagkatapos ay ibaling ang mukha sa kaliwa at sabihin ulit ang *Tasleem*.

**"AS-SALAMU ALAIKUM WA RAHMATULAAH"**

(Sumainyo nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah)

Dito nagwawakas ang *Salatul Fajr* na may dalawang *Rak'a*. Kung nagsasagawa ng *Salaah* na may tatlong *Rak'a* katulad ng *Maghrib* (takip-silim), o kaya'y apat na *Rak'a* katulad ng *Duhr* (tanghali), *Asr* (hapon) at *Isha* (gabi), tumayo upang ipag-patuloy ang mga natitirang *Rak'a* pagkatapos ng *Tashahud* (bahagi blg.11) habang binabanggit ang *ALLAHU AKBAR*. At habang nakatayo ay basahin nang tahimik ang kabanata *Al Fatiha*.

**Sa *Salaah* ng *Duhr* at *Asr*, ang *Al Fatiha* ay binabasa nang tahimik sa lahat ng *Rak'a*. Samantalang sa *Salaah* ng *Fajr*, *Maghrib* at *Isha*, ang *Al Fatiha* kasama ng anumang *Surah* (kabanata) o *Ayat* (talata) ay binabasa**

**nang malakas sa unang dalawang *Rak'a* lamang. Laging tandaan na ang *Al Fatiha* ay tahimik na binabasa sa pangatlo at pang-apat na *Rak'a* sa lahat ng *Salaah*.**

**Huwag magbasa ng anumang *Surah* (kabanata) o *Ayat* (talata) sa Banal na *Qur'an* pagkatapos ng *Al Fatiha* sa pangatlo at pang-apat na *Rak'a* ng *Salaah*.**

Kapag ang *Salaah* ay isinasagawa ng sama-sama (kongregasyon) at ang *Imam* (namumuno sa pagdarasal) ay malakas na binabasa ang kabanata o talata ng Banal na *Qur'an* (kagaya sa *Salaah* ng *Fajr*, *Maghrib*, at *Isha*), sapat na ang makinig na lamang ang mga tagasunod sa kanyang binabasa.

Gayundin ang *Imam* lamang ang magsasabi nang malakas sa *"SAMI' ALLAHU LIMAN HAMIDAH"* pagkatapos ng *Ruku*. Sapat na sa mga tagasunod ang magsabi "*RABBANA WA LAKAL HAMD*" habang bumabalik sa pagkakatayo mula sa *Ruku*.

Pagkatapos ng pangalawang *Sujud* (pagpapatirapa) sa panghuling *Rak'a* ng alinmang *Salaah*, sabihin nang mahina (pabulong) ang *Tashahud* at *Darood*.

Wakasan ang *Salaah* sa pagsasabi ng *Tasleem*:

"*AS-SALAMU ALAIKUM WA RAHMATULLAAH"* sa bawa't pagbaling ng mukha sa kanan at kaliwa.

**FARDH AT SUNNAH**

Ang *Salaah* ay kinabibilangan ng *Fardh* (takdang tungkulin) at *Sunnah* (kusang-loob) na pagdarasal. Ang dasal na *Fardh* ay isinasagawa ng limang ulit sa maghapon. Ang hindi pagtupad ng isa man sa mga ito ay itinuturing na kasalanan. Ang dasal na *Sunnah* ay binubuo ng mga karagdagang dasal na palagiang isinagawa ni Propeta Muhammad bago at pagkatapos ng *Salaah Al Fardh* (itinakdang *Salaah*).

Ang talaan sa ibaba ay nagbibigay ng bawa't *Salaah* na *Fardh*:

1. *Salatul - Fajr*: *Dalawang (2) Rak'a*

*Pagbubukang-liwayway at bago sumikat ang araw.*

Pagbasa ng *Al-Fatiha* at ibang *Surah/Ayat* sa unang dalawang *Rak'a*:*Malakas*

2. *Salatud - Duhr*: *Apat (4) na Rak'a*

*Sa pagitan ng ilang sandali matapos ang tanghaling tapat at bago sumapit ang dasal Asr.*

Pagbasa ng *Al-Fatiha* at ibang *Surah/Ayat* sa unang dalawang *Rak'a*: *Tahimik*

3. *Salatul - Asr:* *Apat (4) na Rak'a*

*Mula sa kalagitnaan ng hapon at bago lumubog ang araw.*

Pagbasa ng *Al-Fatiha* at ibang *Surah/Ayat* sa unang dalawang *Rak'a*: *Tahimik*

4. *Salatul- Maghrib*: *Tatlong (3) Rak'a*

*Ilang sandali matapos lumu-bog ang araw hanggang sa dumilim.*

Pagbasa ng *Al-Fatiha* at ibang *Surah/Ayat* sa unang dalawang *Rak'a*:*Malakas*

5. *Salatul - Isha*: *Apat (4) na Rak'a*

*Sa pagdating ng dilim at bago sumapit ang dasal Fajr* (*****).

Pagbasa ng *Al-Fatiha* at ibang *Surah/Ayat* sa unang dalawang *Rak'a*:*Malakas*

(*****) Bagama't maaaring ialay ang *Salatul Isha* bago sumapit ang dasal *Fajr*, kanais-nais na ialay ito bago sumapit ang hatinggabi.

**SUNNAH**

(Mga Karagdagang Pagdarasal)

Katulad ng makikita sa ibaba, bawa't *Salaah* ay kinabibilangan ng *Fardh* (ang mga itinakdang tungkuling dasal) at *Sunnah* (mga karagdagang pagdarasal). Si Propeta Muhammadﷺ ay nagsagawa ng mga karagdagang pagdarasal bago at matapos ang mga itinakdang pagdarasal. Kaya naman, ang mga ito ay itinatagubilin. Ang bilang ng *Rak'a* ng bawa't *Fardh* at *Sunnah* ay ang mga sumusunod:

| Pangalan Ng *Salaah* | Bilang Ng *Sunnah* Bago ang *Fardh* | Bilang Ng *Fardh* | Bilang Ng *Sunnah* Matapos ang *Fardh* |
|---|---|---|---|
| *Fajr* | 2 * | 2 | wala |
| *Duhr* | 2 o kaya 4 * | 4 | 2 * |
| *Asr* | 4 | 4 | wala |
| *Maghrib* | wala | 3 | 2 * |
| *Isha* | 2 | 4 | 2 * at *witr* |

Ang mga *Sunnah* na may markang (*) ay tinatawag na "*Sunnat Mu'akkadah*". Mga karagdagang dasal na binibigyang-diin ni Propeta Muhammadﷺ na dapat isagawa nang palagian.

**_SALAT-UL-WITR_**

Ito ay ang *Salaah* na isinasagawa pagkatapos ng *Fardh* at *Sunnah* ng *Salatul Isha* at bago dumating ang *Salatul Fajr*. Ang *Salatul Witr* ay kinabibilangan ng gansal o butal (di-pares) na *Rak'a*. Ito ay maaaring isagawa na may isa, tatlo, lima, pito, siyam o labing isang *Rak'a*.

Katulad ng mga *Sunnah* (karagdagang pagdarasal) na may markang (*), ang *SalatulWitr* ay itinuturing na "*Sunnat Mu'akkada*", mga karagdagang dasal na binibigyang diin ni Propeta Muhammadﷺ.

Bagama't ang *Salatul Witr* ay maaaring isagawa na may isa o higit pang gansal (o butal) na bilang na *Rak'a*, higit na nakararami sa mga Muslim ang nagsasagawa nito na may tatlong *Rak'a*. Ito ay maaaring gampanan sa pagsagawa ng unang dalawang *Rak'a* katulad ng *Salatul Fajr*, bumasa ng maikling *Surah* (kabanata) o talata mula sa Banal na *Qur'an* pagkatapos ng *Al-Fatiha*. Kagaya ng *Salatul Fajr*, ito ay winawakasan sa pagbanggit ng *Tasleem* ("*As-Salamu Alaikum Wa Rahmatullaah*").

Tumayo sa pagkakaupo at isagawa ang pangatlong *Rak'a*. Bumasa ng maikling *Surah* o talata mula sa Banal na *Qur'an* pagkatapos ng *Al-Fatiha*, isagawa ang nalalabing bahagi ng *Rak'a* hanggang sa pagsasabi ng *Tasleem*.

Ang *Salatul Witr* ay maaaring gampanan din sa pagsagawa ng tatlong sunod-sunod na *Rak'a* (na walang patlang). Bumasa ng maikling *Surah* (kabanata) o talata mula sa Banal na *Qur'an* pagka-tapos ng *Al-Fatiha.*

Ipinapayo na basahin ang kabanata 87 (*Al-A'ala*) sa unang

*Rak'a*, kabanata 109 (*Al-Kafirun*) sa pangalawang *Rak'a*, at kabanata 12 (*Al-Ikhlas*) sa huling *Rak'a.*

**DU'A AL-QUNUT**

(Panalangin ng Pagsuko)

Kung ninanais ng nagdarasal na banggitin ang Du'a Al-Qunut, maaari niyang isagawa ito pagkatapos ng Ruku sa pangatlong Rak'a ng Salatul Witr. Manatiling nakatayo at itaas ang mga kamay kapantay ng balikat (na palad ay nakaharap sa mukha) at tahimik na banggitin ang mga sumusunod o kaya'y alinmang du'a na katulad nito.

**"ALLAHUMMA INNA NAS TAEENO KA"**

(O Allah, hangad namin ang Iyong tulong)

"**WA NASTAGHFIROKA"**

(at minimithi namin ang Iyong Kapatawaran)

**"WA NU'MINO BIKA, WA NATAWAK KAL ALAIKA"**

(at kami ay nananampalataya sa Iyo at kami ay nananalig sa Iyo)

**"WA NUTHNI ALAIKA KHAIR, WA NASH KOROKA"**

(at pinupuri Ka namin sa pinakamagandang paraan at nagpapasalamat kami sa Iyo)

**"WALA NAKFORO-KA, WA NAKHLA'O WA NATROKO MAN YAFJOROKA"**

(at kami ay hindi nabibilang sa mga walang utang na loob at tinututulan at iniwawaksi

namin ang sinumang sumusuway sa Iyo)

**"ALLAHUMMA IYYA KA NA BODO"**

(O Dakilang Allah, sa Iyo lamang kami sumasamba)

**"WA LAKA NUSALLI, WA NASJODO, WA ILAIKA NAS'A"**

(At sa Iyo lamang kami mag-aalay ng pagsamba at sa Iyo lamang kami magpapatirapa

at sa Iyo kami nanunumbalik)

**"WA NAFIDU WANARJU RAHMATAKA, WA NAKHSAH ADHABAKA"**

(at umaasa kami sa Iyong habag at kinatatakutan namin ang Iyong parusa)

**"INNA ADABAKA BILKUFFARI MULHIQUN"**

(Katotohanan, ang Iyong parusa ay aabutin ang mga di-nananampalataya)

Pagkatapos, sabihin ang *ALLAHU AKBAR* at gawin ang *Sujud* (pagpapatirapa). Tapusin ang natitirang bahagi ng *Salaah* kasama na ang *Tashahud*, *Darood* at *Tasleem*. (*Assalamu Alaikum Wa Rahmatullaah*).

## SALAAH SA MGA NATATANGING KALAGAYAN

Sa mga panahon ng paglalakbay, maaaring gawing maikli ang *Salaah*. Ito ay tinatawag na ***Salatul Qasir****.*

Maaaring magsagawa ng *Salaah* ng dalawang *Rak'a* (yunit) bilang kapalit ng *Salaah* na mayroong tig-aapat na *Rak'a,* katulad ng *Salaah* sa *Duhr* (tanghali), *Asr* (hapon) at *Isha* (gabi). Subalit hindi maaaring gawing maikli ang *Salaah* sa *Maghrib* (takipsilim) na may tatlong *Rak'a* at ang *Salaah* sa *Fajr* (bukang-liwayway) na may dalawang *Rak'a*. Bukod sa pagkakaloob na ito, maaari ring iwanan o di gampanan ang mga dasal *Sunnah* maliban lamang sa dalawang *Sunnah* ng *Salaah* sa *Fajr* (bukang-liwayway) at ang *Witr* ng *Salaah* sa *Isha* (gabi).

Kung may sakit, maaaring gampanan ang *Salaah* sa pagkakaupo o sa pagkakahiga sa pamamagitan ng mga senyas kapalit ng mga galaw ng katawan.

Sa panahon ng paglalakbay, pagkakasakit o kagipitan, pinahihintulutan na pagsamahin ang dala-wang *Salaah*. Kagaya ng *Salatud Duhr* (tanghali) at *Asr* (hapon), ito ay maaaring pagsamahin sa panahon ng *Salatud Duhr* o sa panahon ng *Salatul Asr*. Ang *Salatul Maghrib* (takipsilim) at *Salatul Isha* (gabi) ay maaaring pagsamahin sa panahon ng *Salatul Maghrib* o sa panahon ng *Salatul Isha*. Ang *Salatul Fajr* ay laging isinasagawa sa takdang panahon nito.

## *SALAAH* SA MGA NATATANGING OKASYON

***Salaah ng Juma'ah***

(Pagdarasal sa Araw ng Biyernes)

Bukod pa sa pang-araw-araw na pagdarasal, ang *Salaah* sa araw ng Biyernes ay isa ring tungkulin na iniatas sa bawa't Muslim. Bagama't hindi ito ginawang tungkulin sa kababaihang Muslim, ang kanilang pagsagawa nito ay pinahihintulutan hangga't hindi nila napapabayaan ang tungkulin sa kanilang pamamahay o hindi nagbibigay sa kanila ng mala-king kaabalahan.

Ang *Salaah* sa araw ng Biyernes ay isinasagawa ng sama-sama o kongregasyon sa oras ng *Duhr*. Una, ang *Imam* (namumuno ng dasal) ay magbibigay ng *Khutbah* (sermon o paalaala). Pagkatapos ay kanyang pamumunuan ang kongregasyon sa dalawang *Rak'a* na *Salaah*. Pagkatapos nito, ang bawa't isa ay kanya-kanyang mag-aalay ng dasal *Sunnah* (mga karagdagang dasal). Ang mga dasal *Sunnah* ay maaaring isagawa sa *Masjid* ngunit higit na kanais nais na isagawa ito sa bahay.

***Salaah ng Tarawih***

(Pagdarasal tuwing gabi ng *Ramadan*)

Ang *Salaah* na ito ay isinasagawa tuwing buwan ng *Ramadan* pagkatapos ng *Salatul Isha*. Ito ay kinabibilangan ng walo, o sampu o higit pang *Rak'a* at iniaalay ng dala-dalawang *Rak'a* na may maikling patlang sa bawa't apat na *Rak'a*. Ang *Tarawih* ay maaaring ialay na mag-isa subali't higit na ipina-payo na ialay ito ng sama-sama o kongregasyon. Ito ay winawakasan sa pag-aalay ng *Salatul Witr.*

***Salaah* sa mga araw ng *Eid* o *Salaah Eidan*** (Pagdarasal sa

dalawang Pagdiriwang)

May dalawang *Eid* o malaking pagdiriwang ng mga Muslim. Ang una ay tinatawag na *Eidul Fitr* o ang pagdiriwang sa katapusan ng pag-aayuno. Ito ay ipinagdiriwang sa unang araw ng *Shawwal*, ang ika sampung buwan ng kalendaryong *Hegeria* pagkatapos ng buwan ng *Ramadan* (ang buwan ng pag-aayuno). Ito ay araw ng dakilang pasasalamat ng mga Muslim sa buong daigdig.

Ang pangalawang *Eid* ay ang *Eidul Adha* o pagdiriwang ng Dakilang Pag-aalay. Ito ay ipinagdiriwang tuwing ika-sampung araw ng buwan ng *Dhul Hijjah*, ang panghuling buwan ng kalendaryong Hegeria. Ang mga hayop ay iniaalay (katulad ng tupa o kambing) bilang paggunita sa dakilang pag-aalay na isinasagawa ni Propeta Abraham (sumakanya nawa ang kapayapaan).

Ang *Salaah* sa dalawang *Eid* na ito ay iniaalay ng sama-sama (kongregasyon) anumang oras pagkatapos ng pagsikat ng araw at bago dumating ang tanghaling tapat. Walang *Adhan* o *Iqamah* (mga tawag ng *Salaah*). Ang dasal ng *Eid* ay may dalawang *Rak'a* katulad ng *Salatul Fajr*.

Isang sermon (*Khutbah*) ang bibigkasin ng *Imam* pagkatapos ng dalawang *Rak'a* ng *Salatul Eid* na siyang kabaligtaran ng *Salatul Juma'ah* na ang sermon ay binabanggit bago ang dalawang *Rak'a*.

Ang pagdalo ng lahat ng Muslim kabilang na ang mga kababaihan at mga bata ay lubos na itinatagubilin.

## Ang Pag-aalay ng Dasal sa Ililibing

Ito ay isang dasal na itinuturing na isang mahalagang tungkulin ng sambayanang Muslim para isang yumaong Muslim. Ang hindi pagsagawa ng dasal na ito ay isang kasalanan ng buong komunidad. Subalit ang pagganap ng ilang Muslim ay sapat na upang matupad ang tungkuling ito.

Kakaiba ito sa mga ibang *Salaah* sapagka't ito ay walang anumang *Ruku* (pagyuko) o anumang *Sujud* (pagpapatirapa). Ang mga sumusunod ay ang mga hakbang sa pag-aalay ng *Salaah* para sa ililibing:

1. Itaas ang mga kamay kapantay ng tainga habang sinasabi ang "*Takbiratul Ihram" (ALLAHU AKBAR).*

2. Pagkatapos ay ilagay ang mga kamay sa dibdib na ang kanan ay nakapatong sa kaliwa.

3. Pagkatapos ay bigkasin ang *Al-Fatiha* ng tahimik.

4. Matapos ang pagbigkas ng *Al-Fatiha*, itaas na muli ang mga kamay kapantay ng tainga at sabihin ang *ALLAHU AKBAR.*

5. Ilagay na muli sa dibdib ang mga kamay na ang kanan ay nakapatong sa kaliwa at basahin nang tahimik ang sumusunod na pagpupuri at panalangin:

**"ALLAHUMMA SALLI 'ALA MUHAMMAD WA 'ALA ‛ALI MUHAMMAD"**

(O Dakilang Allah, itampok si Muhammad at ang pamilya ni Muhammad)

**"KAMA SALAYTA 'ALA IBRAHIM WA 'ALA ‛ALI IBRAHIM"**

(Kagaya ng pagtampok Mo kay Ibrahim at ang pamilya ni Ibrahim)

**"INNAKA HAMIDON MAJEED"**

(Katotohanan, Ikaw ang Kapuri-puri, Ang Maluwalhati)

**"ALLAHUMMA BARIK 'ALA MUHAMMAD WA 'ALA ‛ALI MUHAMMAD"**

(O Dakilang Allah, pagpalain si Muhammad at pamilya ni Muhammad)

**"KAMA BARAKTA 'ALA IBRAHIM WA 'ALA ‛ALI IBRAHIM"**

(Kagaya ng pagpapala Mo kay Ibrahim at ang pamilya ni Ibrahim)

**"INNAKA HAMIDOM MAJID"**

(Katotohanan, Ikaw ay Kapuri-puri, Ang Maluwalhati)

6. Pagkatapos nito, itaas na muli ang mga kamay kapantay ng tainga at sabihin ang ALLAHU AKBAR. Ilagay na muli ang mga kamay sa dibdib na ang kanan ay nakapatong sa kaliwa at

sabihin ang sumusunod na Du'a (panalangin).

**"ALLAHUMMA AGFIR LEHAYYENA, WA MAYYETENA"**

(O Dakilang Allah, patawarin Mo ang aming mga buhay at ang aming mga patay)

**"WA SHA HEDENA WA GHA-IBEENA"**

(at ang mga naririto at wala rito)

**"WA SAGHERRENA WA KABERRENA"**

(at ang aming mga kabataan at ang aming matatanda)

**"WA DAKARENA WA UNTHANA"**

(at ang aming mga kalalakihan at aming mga kababaihan)

**"ALLAHUMMA MAN AHYAYTAHU MINNA FA AHYEHEE-ALAL ISLAM"**

(O Dakilang Allah, nawa'y mabuhay lamang sa pagganap ng Islam ang sinumang pinagkalooban Mo ng buhay sa amin)

**"WA MAN TAWAFFAYTAHU MINNA FA TAWAFFAHU ALAL IMAN"**

(at nawa'y mamatay lamang sa pagganap ng Islam ang sinumang pinagkalooban Mo ng buhay sa amin)

7. Pagkatapos nito ang *Imam* ay magsasabi ulit ng *ALLAHU*

*AKBAR* nang malakas. Ang ga tagasunod ay bibigkasin ito nang tahimik.

8. Ang *Imam* at mga tagasunod ay magsasabi ng *As-salamu Alaikum Wa Rahmatullaah* sa kani-lang paglingon sa kanan lamang.

**DU'A**

(Pansariling Panalangin Pagkatapos ng *Salaah)*

Matapos magampanan ang dasal na *Fardh* (takdang tungkuling dasal), manatiling nakaupo at isagawa ang *Du'a*. Maaaring manalangin sa Allah sa sariling wika upang magbigay pagpupuri, pasasalamat o paghingi ng tawad sa sarili o sa kapwa Muslim. Maaari ring hingin sa Allah na bigyang patnubay ang mga mahal sa buhay tungo sa Islam. Sa ganitong kalagayan o posisyon, maaaring banggitin ang anumang panalanging pansarili.

Maaari ring banggitin ang mga sumusunod na *Dhikr* (pagpapapuri sa Allah). Ito ay mga kanais-nais at itinatagubilin na banggitin pagkaraan ng bawa't *Salaah*. Ang mga ito ay hindi sapilitan o itinakdang tungkulin, bagkus itinuturing na karagdagang pagsagawa ng pagsamba upang matamo ang karagdagang biyaya ng Allah:

***"ASTAGFIRULLAH"*** 3 ulit

(*Ako ay humihingi ng Kapatawaran sa Allah)*

Matapos ang paghingi ng kapatawaran, kanais-nais na

banggitin ang mga sumusunod:

**"ALLAHUMMA ANTAS SALAM,**

**WA MINKAS SALAM TABARAKTA YA DHAL JALALI WAL IKRAM"**

(O Dakilang Allah, Ikaw ang Kapayapaan, at sa Iyo nagmumula ang kapayapaan, Ikaw ang Kataas-taasan, Dakila at Kapuri-puri)

Pagkatapos nito, kanais-nais na banggitin ang mga sumusunod na panalangin:

**"LA ILAHA ILLALLAH, WAHDAHU LA SHARIKA LAH, LAHUL MULKU,**

**WALAHUL-HAMDU, WAHUWA ‘ALA KULLI SHAY’IN QADIR"**

(Walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah, Siya ay Nag-iisa,

Siya ay walang katambal, sa Kanya lamang ang Kataas-taasang Kapangyarihan,

at sa Kanya lamang ang Pagpupuri, at Siya ang Makapangyarihan sa lahat ng bagay)

Itinatagubilin din na idalangin ang alin man sa mga sumusunod:

**"ALLAHUMMA LA MANI'A LIMA A'TAYTA, WALA MU'TIYA LIMA MANA'TA,**

**WALA YANFAU DHAL JADDI MINKAL JAD"**

(O Allah, walang makapipigil sa anumang Iyong ipagkaloob, at walang makapagbibigay sa anumang Iyong ipagkait. Walang magagawa ang may kakayahan sapagka't sa Iyo lamang nagmumula ang yaman at tagumpay)

**"LA HAWLA WALA QUWATA ILLA BILLAAH"**

(Walang lakas o kapangyarihan malibang magmula sa Allah)

**"LA ILAHA ILLAL LAAHU WALA NA'ABUDU ILLA-IYAHU, LAHU NI'MATU,**

**WALAHUL FADHLU, WALAHUL THANA AL HASSAN"**

(Walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah, at wala kaming sinasamba bukod sa Kanya, Ang tagumpay ay nagmumula lamang sa Kanya, Ang biyaya ay nagmumula lamang sa Kanya, Ang lahat ng magagandang pagpupuri ay sa Kanya lamang)

**"LA ILAHA ILLALLAAH, MUKHLISINA LAHU DINA WALAO KARIHAL KAFIRUN"**

(Walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah, at kami ay nag-aalay ng taimtim na pagsamba sa Kanya kahit na ito'y kapootan ng mga di-nananampalataya)

**"ALLAHUMMA A'INNI 'ALA DHIKRIKA WASHUKRIKA, WA HUSNI IBADATIK"**

(O Allah, tulungan Mo ako upang ilagi Ka sa aking alaala, at tulungan Mo akong maging mapagpasalamat sa Iyo, at maging lubusan ang aking pagsamba sa Iyo)

Kanais-nais ding banggitin ang mga sumusunod ng tatlumpu't tatlong (33) ulit:

**"SUBHANA-LLAH"**

(Kaluwalhatian sa Allah)

"**ALHAMDU-LILLAH"**

(Ang Pagpupuri ay sa Allah lamang)

**"ALLAHU AKBAR"**

(Ang Allah ay Dakila)

Pagkatapos ng tatlong nabanggit na panalangin, isunod ang ganito:

**"LA ILAHA ILLALLAAH, WAHDAHU LA SHARIKA LAH, LAHUL MULKU, WALA-HUL HAMDU, WAHUWA 'ALA KULLI SHAY'IN QADIR"**

(Walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah, Siya ay nag-iisa at Siya ay walang katambal. Sa Kanya lamang ang Kataas-taasang Kapangyarihan, at sa Kanya lamang ang mga Pagpupuri at Siya ang Makapangyarihan sa lahat ng bagay)

Itinatagubilin din na bigkasin ang Ayat (talata) Al-Kursi. Ito ay mababasa sa Banal na Qur'an sa Kabanata 2, talata bilang 255:

**A'UDU BILLAHI MINAS SHAYTAN NIR RAJIM**

"Ako ay nagpapakupkop sa Allah laban sa isinumpang Satanas"

**ALLAHU LA ILAHA ILLA HUWAL HAYYUL QAYUM.**

"Allah, walang diyos na dapat sambahin maliban sa Kanya"

Ang Buhay, Ang Lubos sa Kasaganaan, Tagapagbiyaya ng lahat.

**LA TAKHUDU SINATUN WA LA NAWM**

"Ang antok o idlip ay di-makapangyayari sa Kanya"

**LAHU MA FI SAMAWATI WA MA FIL ARD**

"Sa Kanya ang pagmamay-ari sa lahat ng Kalangitan at Kalupaan"

**MAN DAL LADI YASHFA'U INDAHU ILLA BIIDNIH**

"Walang maaring mamagitan malibang Kanyang pahintulutan"

**YA'ALAMU MA BAYNA AYDIHIM WA MA KHALFAHUM**

"Talos Niya ang nakaraan o hinaharap at maging ang lingid (sa Kanyang mga nilikha).

**WA LA YUHITONA BI SHAY'IN MIN ELMIHI ILLA BI MA SHA'A**.

"Walang makaaabot sa Kanyang kaalaman malibang Kanyang naisin"

**WASI'A KORSIYOHO SAMAWATI WAL ARD**

"Ang Kanyang Kaharian ay abot ang mga kalangitan at kalupaan"

**WALA YAUDUHU HIFDOHOMA WA HUWAL ALIYOL ADIM**

"At Siya ay hindi nakadarama ng kapaguran sa pagpapanatili at pangangalaga sa kanila

Sapagka't Siya ang Kataas-taasan, ang Sukdulan (sa Kaluwalhatian.

Itinatagubilin din na basahin ang mga sumusunod na *Surah* (kabanata) sa Banal na *Qur'an* pagkatapos ng bawa't *Salaah*.

**Kabanata 112 *Suratul-Ikhlas***

*(Ang Kadalisayan ng Pananampalataya)*

**Kabanata 113 *Suratul-Falaq***

*(Ang Pagbubukang-liwayway)*

**Kabanata 114 *Suratun-Nas***

*(Ang Sangkatauhan)*

Higit kanais-nais na bigkasin ang tatlong kabanatang ito nang tatlong ulit sa *Salatul Fajr* (Pagbubukang-liwayway) at

*Maghrib* (Takip-silim). Sa *Salatud Duhr* (Tanghali), *Asr* (Hapon) at *Isha* (Gabi), ang mga kabanatang nabanggit ay maaaring basahin nang minsan lamang.

Sa pagsasaulo ng mga nababanggit na kabanata, tingnan ang mga huling pahina ng aklat na ito.

**SAJDAH SAHW**

(Pagpapatirapa dahil sa pagkakamali sa *Salaah*)

Bilang tao, likas na sa atin ang magkamali. Kapag nakagawa ng pagkakamali sa mga itinakdang tungkuling *Salaah*, o kapag alinlangan sa bilang ng *Rak'a* (kung ito ba ay kulang o labis), ang dalawang pagpapatirapa *(Sajdah Sahw)* ay maaaring isagawa matapos iwasto ang pagkakamali at bago wakasan ang *Salaah* ng *Tasleem (Assalamu Alaikum Wa Rahmatullah).*

Ang pagwawasto ay isinasagawa lamang kapag ang pagkakamali ay kinabibilangan ng mga mahahalagang haligi ng *Salaah* katulad ng mga sumusunod:

1. Ang pagsasabi ng "*Allahu Akbar*" *(Takbiratul Ihram)* sa pagsimula ng *Salaah*.

2. Ang pagbasa ng *Al-Fatiha* sa lahat ng *Rak'a*.

3. Ang pagsagawa ng *Ruku* (pagyuku).

4. Ang pagsagawa ng *Sujud* (pagpapatirapa).

5. Ang pagbasa ng *Tashahud* pagkatapos ng huling *Rak'a* habang nakaupo.

6. Ang pagsasabi ng *Tasleem* (*Assalamu Alaikum Wa Rahmatullah*) pagkatapos ng *Salaah.*

Alinman sa mga naturang bahagi ng *Salaah* ang nakaligtaan, kinakailangang ulitin ang buong *Rak'a* na kung saan nakalimutan ang bahagi ng *Salaah*. Subali't kapag ***Takbiratul Ihram*** ang nakalimutan sa umpisa ng *Salaah*, kinakailangang ulitin ang buong *Salaah*.

Halimbawa: Kapag ang nagdarasal ay nakalimutan ang pagbasa ng *Al-Fatiha*. At ito ay naalaala bago o habang nasa katayuan ng *Rukuh* (nakayuko), kinakailangang tumayo siya at basahin ang *Al-Fatiha*. Sa kabilang dako naman, kung nakalimutan niyang basahin ang *Al-Fatiha* at ito ay naalaala lamang nang siya ay nasa pangalawang *Rak'a* na, ang pangalawang *Rak'a* na ito ay mabibilang na unang *Rak'a* lamang sa dahilang ang nauna ay walang saysay o halaga.

Matapos iwasto ang pagkakamali, ang pagsagawa ng *Sajdah Sahw* (dalawang pagpapatirapa dahil sa pagkakamali) ay maaaring gawin bago sabihin ang *Tasleem* (*Assalamu Alaikum Wa Rahmatullah*)

Kapag may alinlangan sa bilang ng *Rak'a* (kung ito ba ay isa o dalawa?), piliin ang isa at tapusin ang *Salaah* mula sa bilang na ito.  Kapag alinlangan naman kung dalawa o tatlong *Rak'a* ang nagawa, ituring na dalawa lamang ang nagawang *Rak'a*

at tapusin ang *Salaah* mula sa bilang na ito. Isagawa ang *Sajdah Sahw* bago magsabi ng *Tasleem*.

**MGA KARAGDAGANG PAALAALA – Ethics of Salah**

1. Huwag tumingala habang nagdarasal.

2. Huwag ipikit ang mga mata habang nagda-rasal.

3. Huwag igala ang paningin habang nagdarasal. Ituon ang paningin sa lugar na isusubsob ang mukha sa pagpapatirapa.

4. Habang nagdarasal, iwasan ang kumilos na hindi naaayon sa mga bahagi ng *Salaah* (Halimbawa: pagtingin sa orasan, pagpapagpag ng dumi sa damit o pantalon, atbp.)

5. Huwag kumain, uminom, tumawa o makipag-usap habang nagdarasal.

*6.* Kapag ang pagkain ay nakahain na, kumain muna bago pumunta sa pagdarasal. Gayundin, unahin muna ang tawag ng kalikasan (Halimbawa: pag-utot, pag-ihi, o pagdumi) at magsagawa ng *Wudhu* bago pumunta sa *Salaah.*

7. Linising mabuti ang bibig bago pumunta sa *Salaah* lalong-lalo na kapag kumain ng bawang, sibuyas o anumang bagay na may masangsang na amoy na maaaring makaabala sa ibang nagdarasal.

8. Huwag unahan ang *Imam* sa mga takdang kilos ng *Salaah* (Halimbawa: pagsasabi ng *Takbir*, pagsagawa ng *Ruku* o *Sujud*, pag-angat ng ulo mula sa *Ruku* o *Sujud*, pagsagawa ng *Tasleem*, atbp.)

9. Iwasan ang pagdaan sa mismong harapan ng nagdarasal.

10. Kung nag-aalala na may dumaan sa harapan habang nagdarasal, ipinapayo na maglagay ng anumang bagay na lampas ng ilang pulgada mula sa lugar na kung saan isusubsob ang mukha sa pagpapatirapa. Ito ay tinatawag na *"Sutra"* na nagsisilbing tanda na walang sinuman na dapat tumawid sa pagitan nitong *"Sutra"* at ng nagdarasal.

11. Huwag magmadali o tumakbo patungo sa Masjid o saan mang pook na may kongregasyon sa pagdarasal. Bagkus maging mahinahon at mapayapa sa paglalakad.

12. Sa pagpasok sa *Masjid*, unang ihakbang ang kanang paa at banggitin sa sarili (pabulong) ang sumusunod:

**"BISMILLAH WASALATU WASSALAMU 'ALA RASULULLAH, ALLAHUMA**

**AGFIR LI DHUNUBI, WAFTAH LI ABWABA RAHMATIK"**

(Sa Ngalan ng Allah, nawa'y ang kapayapaan at pagpapala ay mapasa-Sugo ng Allah, patawarin Mo ako sa aking pagkakasala, at buksan sa akin ang pinto ng Iyong habag)

13. Sa paglabas ng Masjid, unang ihakbang ang kaliwang paa at banggitin sa sarili (pabulong) ang sumusunod:

**"BISMILLAH WASSALATU WASSALAMU 'ALA RASULULLAH, ALLAHUMA**

**AGFIR LI DHUNUBI WAFTAH LI ABWABA FADHLIK"**

(Sa Ngalan ng Allah, nawa'y ang kapayapaan ay mapasa-Sugo ng Allah,

patawarin Mo ako sa aking mga pagkakasala at buksan sa akin ang pinto ng Iyong tulong)

14. Kung sakaling nahuli o naantala at umabot sa bahaging *Ruku*, ito ay nabibilang na isang buong *Rak'a*. Kailangan na lamang ipagpatuloy ang *Salaah* hanggang sa ang *Imam* ay magsabi ng *Tasleem*. Kung sakaling may *Rak'a* na hindi naabutan, kailangang tumayo mula sa pagkakaupo (huwag magsabi ng *Tasleem*) at tapusin ang bilang ng *Rak'a* na nakaligtaan. Wakasan ang *Salaah* sa pagbanggit ng *Tashahud*, *Darood* at *Tasleem*.

15. Maging malumanay sa pagsagawa ng mga takdang kilos ng *Salaah*. Hayaan munang maging panatag ang mga buto bago isagawa ang mga susunod na kilos. (Halimbawa: pagyuko, pagtayo, pagpapatirapa, pag-upo atbp).

## MGA MAIIKLING KABANATA SA BANAL NA *QUR'AN*

Bilang pangunahing hakbang sa pagsasaulo, ang mga sumusunod ay ilan sa mga maiikling kabanata sa Banal na *Qur'an* na binigyang kahulugan sa ating sariling wika upang inyong maunawaan.

Bagama't hindi ipinapayo na isalin nang literal (letra por letra) ang Banal na *Qur'an* upang maiwasan ang maling pagbigkas nito, ang matutunghayang saling literal sa titik Pilipino ay nararapat lamang iparinig sa mga gurong nagtuturo ng wikang Arabic. Ang maling pagbigkas nito ay maaaring magbigay ng maling kahulugan.

Kaya't ipinapayo namin sa inyo na matutong bumigkas ng mga talata o kabanata ng Banal na *Qur'an* sa orihinal na pagkakapahayag nito sa wikang Arabik. May mga *cassette tape* na nakalaan para rito kung sakali mang hindi kayo makatagpo ng gurong magtuturo sa inyo.

**Kabanata 1 Suratul-Fatiha**

(Ang Pambungad)

**"Bismillah-hir Rahman-nir Rahim"**

Sa Ngalan Ng Allah, Ang Mapagpala, Ang Mahabagin

**ALHAMDU LILLAHI RABBIL ALAMIN**

Ang lahat ng pagpupuri ay sa Allah (lamang), ang Panginoon ng mga daigdig.

**ARRAHMANIR RAHIM**

Ang Mapagpala, Ang Mahabagin

**MALIKI YAWM MIDIN**

Ang (tanging Hukom at) Hari ng Araw ng Paghuhukom.

**IYAKA NA'ABUDU WA IYAKA NASTAIN**

Ikaw lamang ang sinasamba namin at Ikaw lamang ang hinihingan namin ng tulong.

**IHDINAS SIRATAL MOSTAQIM**

Ipatnubay Mo sa amin ang tuwid na landas.

**SIRATAL LADINA AN AMTA ALAIHIM**

Ang landas ng Iyong mga pinagpala, hindi (ang landas) ng mga isinumpa at mga nangaligaw.

**GHAIRIL MHAGDHUBI ALAIHIM WA LAD DHALLIN**

Ang landas ng Iyong mga pinagpala, hindi (ang landas) ng mga isinumpa at mga nangaligaw.

**-------------------**

**Kabanata 103**

**Suratul- Asr**

(Ang Panahon)

**BISMILLAHIR RAHMANIR RAHIM**

Sa Ngalan ng Allah, Ang Mapagpala, Ang Mahabagin

**WAL ASR**

(Pinatutunayan Ko) sa (pamamagitan ng) Panahon

**INNAL INSANA LAFI KUSR**

Katotohanan ang Tao ay nasa kawalan (at pagkapahamak).

**ILLAL LADINA AMANO WA A'MILOS SALIHATI WATAWASAW BIL HAQI WA TAWASAW BI SABR**..

Maliban sa (kanila na) may pananampalataya (sa Allah) at gumagawa ng matuwid, at nagpapayuhan ng katotohanan at nagpapayuhan ng pagtitiis.

**--------------------------**

**Kabanata 108**

**Suratul-Kauthar**

(Ang Kasaganaan)

BISMILLAHIR RAHMANIR RAHIM

Sa Ngalan ng Allah, Ang Mapagpala, Ang Mahabagin

INNA A'TAYNA KAL KAUTHAR

Katotohanan Aming ipinagkaloob sa iyo ang Kasaganaan (ng batis Al-Kauthar sa Paraiso).

FASALLI LIRABIKA WANHAR

Samakatuwid, ikaw ay dumadalangin at mag-alay (magpapa-kasakit)sa inyong Panginoon.

INNA SHA NIAKA HUWAL ABATR

Ang sinumang mapoot (at humamak) sa iyo ay pagkakaitan (ng pag-asa sa daigdig na ito at sa kabilang buhay).

-----------------------

**Kabanata 110**

**Suratun-Nasr**

(Ang Tagumpay)

**BISMILLAHIR RAHMANIR RAHIM**

Sa Ngalan ng Allah, Ang Mapagpala, Ang Mahabagin

**IDAJA'A NASRULLAHI WAL FATH**

Kapag dumating ang tulong ng Allah at ng Tagumpay

**WA RAAYTAN NASA YADKHOLONA FI DINILAHI AFWAJA.**

At iyong mapagmasdan ang Tao na nagsisipasok sa pananampalataya ng Allah (Islam) ng maramihan.

**FASABBIH BIHAMDI RABBIKA WASTAGHFIRHU INNAHU KANA TAWWABA.**

Ipagdiwang ang mga papuri sa iyong Panginoon at dumalangin (upang makamit) ang Kanyang kapatawaran, dahil Siya ang Lagi nang (tumatanggap ng pagsisisi at) Nagpapatawad.

**------------------------------**

## Kabanata 112 - Suratul-Ikhlas

(Ang Kadalisayan ng Pananampalataya)

**BISMILLAHIR RAHMANIR RAHIM**

Sa Ngalan ng Allah, Ang Mapagpala, Ang Mahabagin

**QUL HUWALLAHU AHAD**

Ipahayag! Siya ang Allah, ang Nag-iisa.

**ALLAHU SAMAD**

Allah, ang Walang Hanggan, ang Ganap, Sandigan ng lahat,

**LAM YALID WA LAM YULAD**

Hindi Siya nagkaanak at hindi ipinanganak

**WA LAM YAKUL LAHU KUFUWAN AHAD**.

At siya ay walang katulad.

**---------------------------------**

**Kabanata 113 - Suratul-Falaq**

(Ang Pagbubukang-liwayway)

**BISMILLAHIR RAHMANIR RAHIM**

Sa Ngalan ng Allah, Ang Mapagpala, Ang Mahabagin

**QUL A'UDU BIRABIL FALAQ**

Ipahayag! Ako ay nagpapakupkop sa Panginoon ng bukang-Liwayway.

**MIN SHARRI MA KHALAQ**

Laban sa kasamaan ng mga nilikhang bagay

**WA MIN SHARRI GHASIQIN IDA WAQAB**

Laban sa kasamaan ng kadiliman kung ito ay laganap

**WA MIN SHARRIN NAFFATATIL FIL UQAD**

Laban sa kasamaan ng mga nagsasagawa (ng karunungang itim

**WA MIN SHARRI HASIDIN IDA HASAD**

Laban sa kasamaan ng mainggitin kapag siya ay naninibugho

------------------------------

## Kabanata 114 - Suratun-Naas

(Ang Sangkatauhan)

**BISMILLAHIR RAHMANIR RAHIM**

Sa Ngalan ng Allah, Ang Mapagpala, Ang Mahabagin

**QUL A'UDU BI RABBIN NAS**

Ipahayag! Ako ay nagpapakupkop sa Panginoon ng sang-katauhan

**MALIKIN NAS**

Ang Hari ng sangkatauhan,

**ILAHIN NAS**

Ang Diyos ng sangkatauhan

**MIN SHARRIL WAS WASIL KHANNAS**

Laban sa kasamaan na bumubulong (ng kasamaan), at lumalayo (matapos bumulong),

**ALLADI YUWAS WISO FI SUDORINNAS**

Na siya ring nagbubulong sa puso ng sangkatauhan,

**MINNAL JINNATI WANNAS**

Mula sa mga Jinn at Tao(naghihikayat sa kasamaan)

IslamHouse.com